

Multimodal na Proyekto sa East Bay Greenway

Proyekto sa E. 14th St/Mission Blvd.



PANGKALAHATANG-IDEYA NG PROYEKTO


Iminumungkahi ng Alameda County Transportation Commission ang Multimodal na Proyekto sa East Bay Greenway (EBGW). Ito ay isang 16 na milyang ruta ng transit, bisikleta, at pedestrian sa pagitan ng mga istasyon ng BART sa Lake Merritt at South Hayward. Ang matagal nang proyektong EBGW, na gagawa ng daanan sa tabi ng kahabaan ng BART sa bahaging ito, ay ang pangmatagalang mithiin ng proyektong EBGW.

- Pangmalapitang Panahon: Mga mas pinagandang pasilidad para sa pagbibisikleta, paglalakad, at pagpapahusay sa transit sa mga daanan mula sa Oakland hanggang sa South Hayward: 3-5 taon
- Pangmatagalan: Pasilidad ng urban na daanan sa tabi ng kahabaan ng BART: Tinatayang sa loob ng 10+ taon

Nakikipagtulungan ang Alameda County Transportation Commission sa mga residente, negosyo, at miyembrong ahensya para suportahan ang ekonomikong pag-unlad at mga lugar kung saan nagsasama-sama ang mga tao.

- Kabilang sa mga halimbawa ng mga potensyal na pagpapaganda ang mas maayos na pag-iilaw, mga mural, at likhang sining
- Paggawa ng mga espasyo para sa komunidad kapag posible

MAPA NG LUGAR NG PROYEKTO



MGA BENEPISYO NG PROYEKTO

- Ligtas at de-kalidad na opsyon para sa pagbibisikleta at paglalakad para sa lahat
- Mas pinagandang disenyo sa mga bus stop: mga bagong upuan, shelter, basurahan, at pampublikong sining
- Mga mas pinagandang multimodal na koneksyon sa pagitan ng at papunta sa pitong istasyon ng BART na pinlano para maging mga mobility hub
- Paglalagay ng landmark at likhang sining para pag-isahin ang corridor sa pamamagitan ng mga elemento ng disenyo
- Pamamahala sa parking at curb para suportahan ang mga pagpapahusay sa pagbibisikleta at paglalakad, pati na aktibidad ng negosyo
- Potensyal para sa mga karagdagang espasyo para sa pagtitipon ng komunidad
- Mga oportunidad para gumawa ng mga buslet o parklet sa mga bus stop kung posible

MGA POTENSAL NA PAGPAPAHUSAY NG PROYEKTO



Protektadong Daanan ng Bisikleta: Ashland

Daanan ng bisikleta na may green stormwater infrastructure buffer



Eden Night Live: Ashland

Kapag nagdaos ng mga event sa mga surface lot, magagamit ang bakanteng espasyo at makakasalamuha ng mga residente ang isa't isa



Mas Pinagandang Streetscape: NYC

Mga oportunidad para gumawa ng higit pang pampublikong espasyo sa mga masyadong malaki o skewed na intersection



Mosaic para sa paghahanap ng direksyon: Oakland

Puwedeng gamitan ng sining ang bangketa at streetscape

TIMELINE

- Winter 2021-2022: Pakikilahok ng ahensya
- Spring 2021-2022: Advance early engineering, pangkalikasang pagsusuri, paghahanap ng pondo para sa konstruksyon
- Spring 2022: Pakikilahok ng publiko sa San Leandro
- Summer-Fall 2022: Pakikilahok ng publiko sa Ashland, Cherryland, at Hayward
- 2023: Pinal na disenyo at engineering
- 2024: Konstruksyon habang isinasagawa ang pagpopondo

Para sa mga tanong tungkol sa proyekto, o para maidagdag sa listahan ng email ng proyekto at malaman ang tungkol sa mga papalapit na oportunidad sa pagbibigay ng pananaw, makipag-ugnayan kay Aleida Andriano-Chavez sa aandriano-chavez@alamedactc.org.